

Ano ang Mixed Delivery System ng San Francisco para sa Early Learning?

Ang Early Learning For All ay nagbibigay ng financial support para sa early care at education na available sa iba't ibang maliliit na negosyo, community-based organization, at mga service provider ng school district. Ang pinagsamang mga de-kalidad na programang ito ang tinatawag naming mixed delivery system para sa early learning.

Kinikilala ng mixed delivery systemna alam ng mga pamilya kung ano ang pinakamainam para sa kanilang mga anak sa pamamagitan ng pag-aalok ng access sa malawak na hanay ng mga de-kalidad na opsyon sa early education, kabilang ang center-based program, family child care homes, Head Start, SFUSD Preschool, at TK. Sama-sama, ang mga programang ito ay nagbibigay sa mga pamilya ng makabuluhang pagpipilian at de-kalidad na early learning.

Ang Kahulugan Nito para sa mga Pamilya

Maraming Pagpipilian para sa Early Care at Learning

Maaari kang pumili mula sa iba't ibang programa na pinakaangkop sa iyong mga pangangailangan, kabilang ang mga center-based program, family child care homes, at mga silid-aralan ng TK.

Suporta para sa Bawat Bata

Lahat ng educator ay may access sa pagsasanay kung paano suportahan ang bawat bata, kabilang ang mga batang may kapansanan, na tumutulong mabawasan ang matagal nang agwat sa pagkatuto at pag-unlad.

Magkakatugma at De-kalidad na Pagkatuto

Ang mga programa sa buong lungsod ay may iisang layunin at magkakatulad na mga pamantayan sa pagtuturo, kaya saan man nag-aaral ang iyong anak, mararanasan nila ang pare-pareho at de-kalidad na edukasyon.

Tulong Pinansyal para sa mga Pamilya

Karamihan sa mga pamilya sa San Francisco ay kwalipikado para sa libre o murang early learning sa pamamagitan ng Early Learning for All, kaya ang gastos ay hindi magiging hadlang sa tagumpay ng inyong anak.

Isang Matatag na Network sa Buong Lungsod

Mayroon nang mahigit 500 early care at education site sa buong lungsod, kaya mas madali kaysa dati angpaghahanap ng mapagkakatiwalaang programa na malapit sa iyo.



Mga Center

Uri ng Programa	Paglalarawan ng Programa	Pinakamainam para sa mga Pamilyang Gusto	Edad ng mga Bata
Center-Based Programs	Pangangalaga sa bata at early education sa mga nakatalagang pasilidad tulad ng nursery school at preschool.	Isang "school-like" na kapaligiran kung saan karaniwang nakaayos ang mga bata sa mga klase ayon sa edad.	Sa Edad na Infants-Kindergarten
Head Start	Isang programang pinopondohan ng pederal na pamahalaan na isinasagawa sa mga center-based setting at nag-aalok ng mga serbisyong pang-edukasyon, nutrisyon, kalusugan, at iba pang suporta para sa mga batang mula sa pamilyang may mababang kita upang itaguyod ang kahandaan sa paaralan.	Istrukturang kapaligirang pang-edukasyon bilang bahagi ng isang programang pinopondohan ng publiko na may mga suporta at mapagkukunan.	Pagsilang hanggang edad 5
SFUSD Preschool	Mga programa sa preschool, na naaayon sa mga pamantayan ng ELFA, na isinasagawa sa mga pasilidad ng SFUSD.	Isang preschool curriculum sa pampublikong paaralan at pagkakataon para masanay ang mga bata sa kanilang posibleng paaralan sa hinaharap.	Mga batang preschool (2.9 – 5 taong gulang)

Family Child Care Homes (FCCs)

Uri ng Programa	Paglalarawan ng Programa	Pinakamainam para sa mga Pamilyang Gusto	Edad ng mga Bata
Family Child Care Homes (FCCs)	Ang mga programang Family Child Care (FCC) ay lisensyado ng Estado ng California upang magbigay ng child care service sa tahanan o residensyal na kapaligiran ng may-ari ng programa.	Isang kapaligirang parang tahanan na may mas maliliit na grupo, mixed-age na karanasan sa pagkatuto, at tuloy-tuloy na personalized na pangangalaga.	Sa Edad na Infants-Kindergarten

Transitional Kindergarten (TK)

Uri ng Programa	Paglalarawan ng Programa	Pinakamainam para sa mga Pamilyang Gusto	Edad ng mga Bata
Transitional Kindergarten (TK)	Ang transitional kindergarten (TK) ay nagdurugtong sa mga taon ng pre-kindergarten at kindergarten. Ito ang unang taon ng dalawang taong programang kindergarten na ipinatupadsa California para sa mga batang hindi pa sapat ang edad para sa kindergarten, ngunit gustong paunlarin ang kanilang mga kasanayang panlipunan, pangkaunlaran, at pang-akademiko. Iniaalok ang TK sa piling mga paaralan ng maagang edukasyon at elementarya ng SFUSD.	Isang structured na part-day program na nagsisilbing tulay patungo sa elementary school at nagbibigay ng prayoridad para sa patuloy na pagpapatala sa parehong paaralan o feeder school.	Dapat ay hindi bababa sa 4 na taong gulang ang bata bago o sa Setyembre 2 ng taon ng pasukan na nais nilang pasukan.

**Children's Council of
San Francisco**
415.343.3300
rr@childrenscouncil.org

**Wu Yee Children's
Services**
844.644.4300
randr@wuyee.org

**Compass Family
Services**
415.644.0504 x 2303
access@compass-sf.org

**Higit pang Impormasyon
Tungkol sa Early Learning
For All**
sf.gov/early-learning-for-all